


1

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 16: Naibibigay ang Tamang Pagkakasunod-sunod ng Tatlong Pangyayari Batay sa Napakinggang Kuwento



**Mother Tongue -Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 16: Naibibigay ang Tamang Pagkasunod-sunod ng
Tatlong Pangyayari Batay sa Napakinggang Kuwento
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Julie A. Besin
Editor: Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon T. Prestoza, Romeo A. Bugayong Jr.,
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Eliodoro B. Magaru
Tagasuri: Romeo A. Bugayong Jr., James D. Pamittan
Tagaguhit: Harrison B. Marcelo, Florante Salazar
Tagalapat: Eddie T. Fernandez
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Christina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 17:
Pagsunod sa Payak na Isa o
Tatlong Direksyon

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Inihanda ang modyul na ito upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng bawat mag-aaral. Aakayin ka nito upang maging isang mabuting mag-aaral sa tulong ng mga aralin at pagsusulit. Matutulungan ka upang higit na hangaan at maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang MTB sa unang baitang. Dito ay matututuhan mo ang pagsasaayos ng mga pangyayari sa kuwento.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


1. Maibibigay mo ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa napakinggang kuwento.




Subukin

PANUTO: Suriin ang mga larawan. Ayusin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1.




2.




3.



4.



5.








Mga Tao at Bagay na Aking Ikinasisiya

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda para sa mag-aaral ng Unang Baitang batay sa K to 12 Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon ng Republika ng Pilipinas. Layunin ng modyul na mapaunlad ang iyong kakayahan upang maibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng tatlong pangyayari mula sa napakinggang kuwento. Sana ay masiyahan ka habang sinasagutan ang mga inihandang gawain na ito.



Balikan

Ano anong paghahanda ang ginagawa mo bago pumasok sa paaralan? Isulat sa kuwaderno ang wastong pagkakasunod-sunod ng iyong mga gawain.





Mga Tala para sa Guro

Inihanda ang modyul na ito upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng bawat mag-aaral. Aakayin ka nito upang maging isang mabuting mag-aaral sa tulong ng mga aralin at pagsusulit. Matutulungan ka upang higit na hangaan at maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang MTB sa unang baitang. Dito ay matututunan mo ang pagsasaayos ng mga pangyayari sa kuwento. Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang maibibigay mo ang tamang pagkakasunodsunod ng mga pangyayari batay sa napakinggang kuwento.



Tuklasin

PANUTO: Basahin at unawain ang isang maikling kuwento at isulat ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa inyong kuwaderno.

Tuwing Umaga

Gumigising ng maaga ang ina ni Ben upang makapagluto ng almusal. Nakasanayan na niya itong gawin tuwing umaga. Pagkatapos makapagluto at makapaghanda ng almusal, ginigising nito ang mga anak at inuutusan silang magmumog na at nang makapag-almusal. Matapos silang makapag-almusal nililigpit na nito ang mga pinagkainan at siya namang huhugasan.

Unang Pangyayari

Ikalawang Pangyayari

Ikatlong Pangyayari



Suriin

Alamin natin ngayon kung papaano nangyayari ang mga bagay-bagay sa paligid sa buhay natin. Ano ang mauunang pangyayari, pangalawa, hanggang sa hulihan.


Makinig sa kuwentong babasahin ng tagapag-alaga. Pagkatapos ay ayusin ang mga larawan ayon sa pagkakasunod-sunod sa kuwento. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Kahanga-hanga si Zeny


Namasyal ang mag-anak nina Mang Zoro at Aling Zara kasama ang kanilang anak na sina Zeny at Zel. Namili sila ng mga bagong damit at sapatos para sa pagpasok nila sa paaralan. Kumain sila ng masasarap na pagkain.

Isinuot ni Zen yang paborito niyang laso. Kulay lila ito. Isinuot naman ni Zel ang relo na bigay ng lolo. Tuwang-tuwa ang mga bata sa kanilang pamamasyal.

Napansin ni Zeny ang isang batang pulubi habang naglalakad sila. Naawa si Zeny at binigyan niya ito ng binili niyang tinapay. Nagpasalamat ang batang pulubi kay Zeny. Nakita ni Aling Zara at Mang Zoro ang ginawa ni Zeny. Napangiti ang mag-asawa sabay na sinabi, "Kay buti mo, Zeny". Umuwi silang may ngiti sa labi habang nakatingin si Zeny sa batang pulubi.




1



2




3




4



5



6



Pagyamanin

PANUTO: Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento. Lagyan ng bilang 1, 2, 3, 4, 5. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

_____ Namasyal ang mag-anak.

_____ Tuwang-tuwa ang dalawang bata sa kanilang pamamasyal.

_____ Umuwi silang may ngiti sa labi habang nakatingin si Zeny sa pulubi.

_____ Napansin ni Zen yang batang pulubi at binigyan niya ito ng tinapay.

_____ Namili at kumain sila ng masasarap na pagkain.



Isaisip









Ang pagbibigay ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari mula sa napakinggang kuwento ay isinasagawa sa pamamagitan ng pakikinig sa mga mahahalagang detalye nito.



Isagawa

Para maiwasan ang pagkahawa sa Covid-19, ipinapayo ng Department of Health (**DOH**) ang madalas na paghuhugas ng kamay. Subalit kailangang tama ang pagsasagawa nito upang matiyak ang kalinisan ng ating mga kamay.

PANUTO: Batay sa mga larawan, ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng paghuhugas ng kamay sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1, 2, 3, 4, at 5. Isulat sa kuwaderno ang sagot.





Tayahin

PANUTO: Makinig sa babasahing kuwento ng tagapag-alaga. Pagkatapos, ibigay ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagguhit ng mga larawan sa nakalaang mga bilog. Gawin ito sa isang malinis na papel.

Buhay ng Isang Paruparo


Julie A. Besin


Ang buhay ng isang paruparo ay nagsisimula sa isang maliit na itlog. Kapag napisa na ito ay lalabas ang isang uod o caterpillar.

Una nitong kinakain ang bao ng itlog na kanyang pinanggalingan. Wala siyang ibang gawain kundi ang kumain ng kumain ng mga dahon hanggang siya ay lumaki.

Nagpapalit ito ng balat sa tuwing siya ay lumalaki. Kapag malaki na ito, tumitigil na siya sa pagkain at nagiging *pupa* o *chrysalis*.

Itatago niya ang sarili sa loob ng *silk cocoon* na siya ang may gawa. Habang nagpapahinga siya sa loob ay sumasailalim ito sa maraming pagbabago. Pagkalaan ng ilang araw, lalabas na ito bilang isang paruparo.





Karagdagang Gawain

PANUTO: Batay sa mga larawan, ayusin ang tamang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsulat ng tamang titik sa mga patlang. Gawin ito sa kuwaderno.

a.




b.



c.



d.





Susi sa Pagwawasto

Suriin

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2 | 3 | 5 | 4 | 1 | 6 |
|---|---|---|---|---|---|

Tuklasin

Unang Pangyayari: Gumigising ng maaga ang ina ni Ben upang makapagluto ng almusal.

Ikalawang Pangyayari: Ginigising nito ang mga at anak at inutusan magmumog na at nang makapag-almusal.

Ikatlong Pangyayari: Nililipit ang mga pinagkainan at siya namang huhugasan

Balikan

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2 | 3 | 4 | 5 | 1 |
|---|---|---|---|---|

Subukin

| | | | | |
|--------|--------|--------|--------|--------|
| 1. ABC | 2. BAC | 3. ACB | 4. ABC | 5. CBA |
|--------|--------|--------|--------|--------|

Pagymamin

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2 | 4 | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|---|

Isagawa

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2 | 1 | 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|---|---|

Tayain

Maliwanag na naipakita ng bata ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa buhay ng isang paruparo kahit hindi maganda ang pagkakaguhit.

Paruparo, itlog, nod, pupa

Karagdagang Gawain

| |
|------|
| 1. d |
| 2. a |
| 3. c |
| 4. b |

Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Updates, News, Teaching Materials, Reading Articles, and Be Contributor. 2020. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG to Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click. <https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph